

Istilo SA Pagtuturo Ng Mga Gurong Hindi Filipino Medyor

(Teaching Styles Of Non-Filipino Major Teachers)

Girlie L. Valeroso, EdD

Assistant Professor 1

Bohol Island State University, Bohol, Philippines

girlie.valeroso@gmail.com

Rowena C. Largo, EdD

Associate Professor IV

Cebu Normal University, Cebu Philippines

whenzlargo@gmail.com

Abstract— This research is concerned with the teaching style of non-Filipino major teachers. The study aimed to assess the teaching style of non-Filipino major teachers. This study determined the profile, methodology, strategy, relationship of the profile to the methodology used and relationship of the profile to the strategy used. It used a quantitative-correlational design that used a questionnaire to collect data. Thirty -seven informants from public schools of Bohol were selected through “purposive sampling” with set criteria. In the profile of non-Filipino major teachers, the BSEd TLE course, CAR and with master’s unit and the 0-4 years of teaching got the highest percentage. The discussion methodology obtained the largest weighted mean of 4.47 with the description more effective. In the teaching strategy the ones that got the largest weighted mean of 4.32 were the strategies about the teacher encouraging the students to participate in the discussion and correcting the student’s mistakes in a positive way with the description more effective. The teacher’s profile is significantly related to the methodologies and strategies used in teaching. Based on the results of the study, the said conclusion was formed, the non-Filipino major teacher is capable of teaching the Filipino subject.

Keywords— style, teacher, profile, methodology, strategy

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay natutungkol sa istilo ng pagtuturo ng mga gurong hindi Filipino medyor. Nilayon ng pag-aaral na matasa ang istilo sa pagtuturo ng mga gurong hindi Filipino medyor. Tiniyak sa pag-aaral na ito ang propayl, metodolohiya, estratehiya, ugnayan ng propayl sa metodolohiyang ginamit at ugnayan ng propayl sa estratehiyang ginamit. Ito ay ginamitan ng desinyong kwantitativ-korelasyonal na gumamit ng talatanungan sa pagkalap ng mga datos. Tatlumput pitong impormate mula sa pampublikong paaralan ng Bohol ang pinili sa

pamamagitan ng “purposive sampling” kung saan may itinakdang krayterya. Sa propayl ng mga gurong Filipino non-major, ang kursong BSEd TLE, CAR at may yunit sa masteral at ang 0-4 na taon sa pagtuturo ang nakakuha ng pinakamalaking bahagdan. Ang metodolohiyang patalakay ang nakakuha ng pinakamalaking weighted mean na 4.47 na may deskripsyong higit na epektibo. Sa estratehiya ng pagtuturo ang nakakuha ng pinakamalaking weighted mean na 4.32 ay ang mga estratehiya tungkol sa hinihikayat ng guro na makilahok sa talakayan ang mga mag-aaral at tinatama ang mga mali ng mag-aaral sa positibong paraan na may deskripsyong mas epektibo. Ang propayl ng guro ay may makabuluhang kaugnayan sa metodolohiya at estratehiya na ginamit sa pagtuturo. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, nabuo ang nasabing kongklusyon, ang gurong hindi Filipino medyor ay may kakayahang magturo ng asignaturang Filipino.

Susing-salita: istilo, guro, propayl, metodolohiya, estratehiya,

I. INTRODUCTION

Malaki ang papel ng guro sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Umiikot sa silid-aralan ang kanyang mundo at kumikilos ayon sa dikta ng pilosopiya bilang isang edukador. Ngunit ang pagkakaroon ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang iba sa kaniyang napag-aralan ay laganap sa iba’t ibang panig ng mundo. Malaki ang impluwensya ng edukasyon sa hindi mapigilang pagsulong ng panahon at pag-iiba ng mukha ng mundo. Ito ang isa sa mga dahilan ng napakaraming pagbabagong nagaganap sa halos lahat ng aspekto ng buhay at hindi

maikakailang ito rin ang tugon at susi sa inaasam na kaunlaran at matatag na lipunan.

Ang pagbabagong ito ay nakatuon sa istilo ng pagtuturo ng mga guro sa iba't ibang asignatura. Ang tradisyunal na istilo ay pinalitan ng mga makabagong istilo na mas gaganyak sa interes ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Kung gayon, isang hakbang upang matamo ang maunlad at matatag na edukasyon ay ang pagkakaroon ng mga gurong may sapat na kahandaan, kaalaman at kasanayan sa pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa teoryang reflective teaching. Ayon Henderson (1996), ang teoryang ito ay nagsasabi na ang isang guro ay gumagawa ng mga kasanayan sa pagtuturo mula sa kanyang mga natutunan at sariling mga karanasan. Iniisip ng guro ng mga pamamaraang maaring makatulong upang magawa niyang maging sistematiko at epektibo ang pagtuturo. Ginagamit niya ang kanyang bagong mga natutunan at kaalaman upang matiyak kung mabisa ang kanyang ginamit na paraan sa pagtuturo. Ang layunin ng teoryang ito ang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo. Sinuportahan naman ito ng teoryang konstruktibismo sapagkat ang teoryang ito ay naghahangad na maiugnay ang pagtuturo ng guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Isinasaad sa teoryang konstruktibismo ni Piaget (1980), na ang guro ang may malaking responsibilidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat siya ang aakay sa landas ng pagkatuto ng mga ito. Ang pag-aaral ay nakatuon upang malaman ang iba't ibang istilo na ginamit ng guro sa pagtuturo na maaaring makatulong sa iba pang guro. Pagtutuunan ng pansin sa pag-araral ang metodolohiya at estratehiya ng guro na naghahangad na makapagsagawa ng matagumpay at epektibong pagtuturo sa kabila ng pagiging iba nito sa pagitan ng disiplina na kanyang nakamit at disiplinang patuloy na pinalalaganap at inaangkin ay magawang pahalagahan at yakapin ang nasabing tungkulin.

II. RESEARCH OBJECTIVE

Ang layunin ng pag-aaral ay ang mataya ang istilo sa pagtuturo ng mga gurong Filipino na hindi medyor sa antas sekondarya. Tinitiyak na masagot ang sumusunod: propayl; paaralan; kurso; bilang ng taon sa pagtuturo; edukasyong natamo; metodolohiyang ginamit; estratehiyang ginamit; ugnayan ng propayl sa metodolohiyang ginamit at ugnayan ng propayl sa estratehiyang ginamit.

III. RESEARCH METHODOLOGY

Layunin ng pag-aaral na ito na ipakita at ilarawan ang mga karanasan ng mga gurong Filipino-non-major sa istilo sa pagtuturo. Ito ay ginamitan ng desinyong kwantitativ-korelasyonal. Ang korelasyonal na disenyo ng pananaliksik ay ginamit ng mananaliksik upang ilarawan at sukatin ang antas ng relasyon sa pagitan ng dalawa o higit pang mga baryabol o hanay ng mga marka nang walang pagmamaniplula (Creswell, 2012).

RESEARCH INSTRUMENT

Sa pananaliksik ay gumamit ng talatanungan. Ang talatanungan ay ibinatay sa Pre-Service Teacher's Actual Teaching Observation Checklist ng Bohol Island State University Main Campus. Ang nilalaman ng talatanungan ay ginawan ng rebisyon ng mananaliksik.

Nahahati sa dalawang bahagi ang talatanungan. Ang unang bahagi nito ay tungkol sa propayl ng mga gurong hindi Filipino medyor. Ito ay binubuo ng limang mga pahayag. Ang ikalawang bahagi ay isinagawa sa pamamagitan ng pagmamasid sa klase ng mga guro upang mailarawan ang metodolohiya at estratehiya na ginamit ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ito ay binubuo ng dalawampung (20) pahayag.

IV. DISCUSSION

Inilalahad sa bahaging ito ang pagtatalakay tungkol sa propayl, metodolohiyang ginamit, estratehiyang ginami, ugnayan ng propayl sa metodolohiyang ginamit at ugnayan ng propayl sa estratehiyang ginami.

Propayl

Ang propayl ay naglalahad ng mahahalagang impormasyon tungkol sa isang guro. Sa pag-alam sa propayl ng guro nabibigyan tayo ng pagkakataon na makilala ang mga gurong nagtutuo ng asignaturang Filipino na hindi Filipino medyor, maging ang paaralan na pinagtuturuan, ang kanilang kurso, bilang ng taon sa pagtuturo at ang edukasyong natamo. Nakatutulong ito upang lubos na maunawaan ang kanilang istilo sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Bilang isang guro, pangunahing adhikain nito ang matuto ang kanyang mga estudyante. Tungkulin nitong maipahayag nang mabuti ang buong kaalaman na ituturo sa mga estudyante at malaking tulong ito upang maunawaan nang lubos ng mga estudyante ang nais na ibahaging impormasyon.

Talananayan 1 Propayl ng Gurong Nagtuturo ng Asignaturang Filipino

Variables	Categories	f	%
Kurso	BSED English	2	5.41
	BS Library	2	2.70
	BSED Math	7	18.92
	BS Psychology	1	2.70
	BSED Physical	1	2.70
	BSED Social Studies	5	13.51
	BSED TLE/HE	15	40.51
	BS Values Education	2	5.41
Taon sa Pagtuturo	0-1 years	11	29.73
	5-9 years	10	27.03
	1-14 years	5	13.51
	15-19 years	9	24.32
	20 years & above	2	5.41
Edukasyong Natamo	Bachelor Degree	8	21.62
	BS with MA Units	13	35.14
	BS with CAR	13	35.14
	Masters Degree	3	8.11

n=37

Sa bahaging ito napapaloob ang propayl ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino na hindi Filipino medyor. Ang propayl ay nahahati sa apat: (1) paaralan; (2) kurso; (3) taon ng pagtuturo; at (4) edukasyong natamo.

Ang mga gurong tagatugon ng pag-aaral ay mula sa pampublikong paaralan ng lungsod ng Tagbilaran at mga kalapit na munisipalidad. Kabilang sa mga paaralang ito ay ang Baclayan National High School (2), Canangaan High School (2), Catigbian National High School (2), Congressman Pablo Malasarte National High School (1), Corella National High School (1), Dauis National High School (2), De La Paz High School (1), Fatima National High School (1), Felix E. Bompat High School (2), Hinawanan National High School (1), Hanopol High School (2), Lila National High School (2), Lourdes National High School (2), Manga National High School (2), San Isidro High School (1), San Roque National High School (4), Pagnitoan National High School (2), Sikatuna National High School (2), Tabalong National High School (3) at Valencia Technical Vocational High School (1). **Kurso.** Kasama sa profile ng mga guro ang mga kursong natapos, ang kanilang edukasyong natamo at kanilang karanasan sa pagtuturo. Ipinapakita sa talananayan na ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino na hindi Filipino medyor ay mayroong walong magkakaibang kurso. Karamihan sa kanila ay nagtapos ng kursong BSED TLE (40.54 %) sinundan ito ng BSED Mathematics (18.92%) Ang dalawang kursong ito ay malayo sa asignaturang Filipino ngunit pinagsikapan ng mga guro na matuto sa asignaturang Filipino upang maibahagi nila nang mabuti at maayos ang paksa sa kanilang mga estudyante. Ang iba pang mga kursong natapos ng mga guro ay ibang-iba rin sa asignaturang Filipino tulad ng Physical Science, Library Science, at Psychology. Values education at Social studies ay

itinuturo gamit ang wikang Filipino, kaya masasabing magaan ang pagtuturo nila ng asignatura ng Filipino. Magaan din ito para sa mga gurong medyor sa Ingles sapagkat ang Ingles at Filipino ay mga subjek sa wika.

Ang mga guro ay magkakaibang hindi Filipino medyor majors. Maaari silang makaranas ng kahirapan, pagkabigo o anumang iba pang mga negatibong damdamin, ngunit hindi nito dapat hadlangan ang kanilang pagnanais na maging mabuting guro sa Filipino.

Taon sa Pagtuturo. Marami sa mga baguhang guro mula 0-4 na taon (29.73%) ang nagtuturo ng asignaturang Filipino, sinundan ito ng 5-9 na taon (27.03%). Mahihiwatigan na ang pinatuturo ng asignaturang Filipino ay mga baguhan sa mundo ng pagtuturo sa kadahilanang ang mga baguhan sa pagtuturo ay may kasabikan na matuto ng mga panibagong kaalaman at nahahamon rin ang kanilang pagiging maparaan. Madaling natuturuan at handang makinig sa nakakataas o nakakatanda sa kanila. Lantad din sila sa mga makabagong pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo. At mayroon silang kakayahang makibagay sa iba't ibang ugali ng mga estudyante.

Edukasyong Natamo. Nasa 80% na mga guro ang pinagpapatuloy ang kanilang pag-aaral sa grawado. Ang ilan (3 sa 37) ay nagtapos ng masters degree, habang halos isang-katlo (35.14%) ang nakumpleto na ang mga kinakailangan sa kurso at natanggap ang kanilang sertipiko sa CAR (Complete Academic Requirement). Ang iba pang isang-katlo ay nakakuha ng yunit sa masters degree. Ipinapakita ng senaryong ito na nais ng mga guro na matuto nang higit pa at ilapat ito sa kanilang pagtuturo. At higit sa lahat ang kanilang pangarap na makakuha ng mataas na degree upang maiangat ang posisyon at mataasan ang kanilang sahod. Bagaman ang mga guro ay maaaring may iba pang mga kadahilanan kung bakit sila nagpatuloy sa kanilang pag-aaral, ngunit ang aksyon na ito ay kapaki-pakinabang sa sistemang pang-edukasyon para sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Habang marami sa kanila ang talagang nais na huminto at magturo ng iba pang asignatura, ngunit, ang ilan ay napamahal na sa pagtuturo at inakma at umangkop sa sitwasyon, Gayunpaman, ang sistemang pang-edukasyon ay dapat maghanap ng mga paraan at hakbang upang matugunan ang nasabing problema. Sinabi ni Chappelow (2019) na ang propayl ay ang pag-aaral sa propayl ng isang tao batay sa kanyang kurso, uri ng kanyang trabaho at edukasyong natamo. At maging ang kanyang karanasan, lahi, kita, kapanganakan at iba pa. Ibig sabihin nito, mahalagang malaman ang propayl ng isang guro upang magkaroon ng pangkalahatang ideya tungkol sa nasabing guro at sa mga kasanayang itinakda niya.

Metodolohiyang Ginamit

Ang metodolohiya ay ang panlahat na pagplano para sa isang sistematiko at epektibong pagtuturo ng isang aralin. Upang maging mabisa at

mabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral kinakailangan ang paggamit ng mabubuting metodolohiya sa pagtuturo sapagkat nakabatay sa metodolohiya ng pagtuturo ang matagumpay, kawili-wili at mabisang pagkatuto ng estudyante. Ibig sabihin, lubos na mauunawaan ng mga estudyante ang kanilang paksa kung ang metodolohiya ay nakaeengganyo at kapantay ng kanilang lebel sapagkat nakatutulong ito para sa mabilis na pagkatuto.

Karamihan sa mga guro (78.39%) ay gumagamit ng patalakay na pamamaraan (discussion method) sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang pamamaraang patalakay ay madaling ipatupad sa klase sapagkat ito ang karaniwang pamamaraan na ginagamit kahit sa iba pang mga asignatura. Ang pamamaraang patalakay ay isa sa pinakatanyag na pamamaraan sa pagtuturo. Sa ganitong paraan masasabing sa pamamagitan ng talakayan naaabot natin ang ilang kongklusyon sa pamamagitan ng pag-alog, pakikipag-uusap at pagbabahagi ng mga ideya tungkol sa isang paksa sa mga estudyante. Mas naging pamilyar ang proseso, maaaring maging handa ang guro na isaalang-alang ang mga pamamaraan na umaalis sa higit na awtoridad sa mga mag-aaral. Sa pamamaraang patalakay ay binibigyang diin ang gawain ng mga estudyante sa anyo ng talakayan, sa halip ng simpleng pagsasabi at pagtalakay ng guro. Kaya, ang pamamaraang ito ay mas epektibo.

Ang pamamaraang patalakay (WM=4.62) ay parating ginamit ng mga guro. Nangangahulugan ito na ang karamihan sa mga guro ay nananatili sa isang pamamaraan sa pagtuturo dahil mas komportable sila sa nasabing pamamaraan at maaaring nakita rin nila itong epektibo.

Ang pamamaraang pagpapahalaga sa pagtuturo ay ginagamit lamang ng lima sa 37 na mga guro. Gayunpaman, sa pangkalahatan madalas lamang nilang gamitin angpamamaraang ito, ipinapahiwatig na gumagamit pa rin sila ng iba pang mga pamamaraan ng pagtuturo. Ang pamamaraang pagpapahalaga ay kadalasang ginamit sa pagtuturo ng panitikan tulad ng tula, kwento at iba pa.

Ang pamamaraang ito ay dinisenyo upang turuan ang mga estudyante na maunawaan, pahalagahan at tangkilikin ang isang bagay. Ang pagpapahalaga ay isang kombinasyon ng pag-unawa at kasiyahan. Ang isang estudyante na nakauunawa at nakahamanap ng madaling paglutas ng mga problema sa matematika, maaaring talagang nasiyahan ito, at samakatuwid, pinahahalagahan niya ito. Nakatuon ang pamamaraang ito sa pagbuo ng mga kanais-nais na

Talahanayan 2 Metodolohiyang Ginamit ng Gurong Hindi Filipino Medyor

Mga Metodolohiyang sa Pagtuturo ng Asugnaturang Filipino	Bilang ng Gumagamit (%)	WM	Deskripsyon
1. Gumagamit patalakay o Discussion method sa paglalahad ng aralin (Tinatalakay ang paksang pag-aaralan sa pagpapalitan ng ideya ng mga mag-aaral.	29 (78.39)	4.62	Paging Ginagamit
2. Gumagamit ng pagpapahalaga o appreciation method sa paglalahad ng aralin (mapahalagahan ng mag-aaral ang ganda ng anumang likhang sining.	5 (13.51)	3.8	Madalas Ginagamit
3. Gumagamit ng pagbuod o inductive method sa paglalahad ng aralin (Sinimulan ang klase sa pagbibigay ng halimbawa patungo sa pagbibigay ng tuntunin sa mga mag-aaral).	2 (5.4)	4.5	Palaging Ginagamit
4. Gumagamit ng patalumpati o lecture method sa paglalahad ng aralin (mahikayat ang atensyon ng mag-aaral sa malinaw na paglalahad ng paksang aralin).	1	3.0	Minsang Ginagamit
5. Gumagamit ng pasulat o reporting method sa paglalahad ng aralin (Nililina ng guro ang kakayahang pasulat ng mga mag-aaral).	0	-	Hindi Ginagamit
6. Gumagamit ng pasaklaw o deductive method sa paglalahad ng aralin (Sinimulan sa pagbibigay ng tuntunin patungo sa pagbibigay ng mga halimbawa).	0	-	Hindi Ginagamit
7. Gumagamit ng pabalak o project method sa paglalahad ng aralin (Nilayon ng guro na makagawa ng isang proyekto ang mga mag-aaral).	0	-	Hindi Ginagamit
8. Gumagamit ng imitative o demonstrative method sa paglalahad ng aralin (Isa-isang inilalahad ng guro ang paksang aralin).	0	-	Hindi Ginagamit
9. Gumagamit ng pinag-isa o integrated method sa paglalahad ng aralin (Sinikap na mapagsanib o ang iba't ibang kasanayan ukol sa paksang tinalakay).	0	-	Hindi Ginagamit
10. Gumagamit ng patuklas o discover method sa paglalahad ng aralin (Ang mga mag-aaral ay aktibong kasangkot sa pagtuklas ng karunungan).	0	-	Hindi Ginagamit

Ranges for Weighted Mean (WM: 4.21-5.00 = Palaging Ginagamit; 3.41-4.20 = Madalas Ginagamit; 2.61-3.40= Minsang Ginagamit; 1.81-2.60= Bihirang Ginagamit; 1.00-1.80=Hindi Ginagamit

pagpapahalaga. Dapat nitong matulungan ang mga estudyante na suriin ang mga pagpapahalaga at gabayan sila na gumawa ng tamang pagpapasya. Ang mga halagang naranasan sa indibidwal na pag-uugali ay napapaloob sa pamamagitan ng kabutihan at pagiging ganap. Ang mga pagpapahalagang naranasan sa indibidwal na pag-uugali ay nailalarawan sa pamamagitan ng kabutihan at katuwiran. Ang mga kanais-nais na pagpapahalagang ito ay naglalahad sa mga estudyante na ang kanilang buhay ay makabuluhan at masarap mabuhay sa mundong

ito. Ang pangunahing layunin ng guro sa pamamaraang pagpapahalaga ay upang magplano ng mga kagiliw-giliw na aralin na magpapasigla at mag-uudyok sa mga estudyante na pahalagahan kung ano ang maganda at makabuluhan.

Dalawa sa mga guro ang palaging gumagamit ng pamamaraang pagpapahalaga isang guro naman ang minsang gumagamit ng pamamaraang patalumpati.

Mayroong limang mga metodolohiya sa pagtuturo na hindi ginagamit ng mga guro. Ang pakikipag-uusap sa mga guro ay naglalahad na hindi sila pamilyar sa pamamaraan ng pagtuturo o ang mga pamamaraang ito ay hindi gaanong popular sa pagtuturo ng panitikan o wika tulad ng pamamaraang patuklas. Alam nila ang mga pamamaraang ito ngunit hindi nila ginamit ang mga ito sa kanilang mga gawain sa pagtuturo-pagkatuto.

Marahil maraming mga pamamaraan ng pagtuturo ang maaaring gamitin sa asignaturang Filipino, ngunit ginamit lamang ng mga guro ang mga pamamaraan na kung saan sila ay pamilyar at komportable ngunit isinasaalang-

alang din naman nila ang pagkatuto ng mga estudyante.

Inilahad nina Child at McNicholl (2007) na ang iba't ibang mga metodolohiya sa pagtuturo ay nakakaimpluwensiya sa nararamdamang kapanatagan ng isang guro kapag alam nila ang paksang kanilang itinuturo. Nababatid ng guro ang halaga ng mga angkop na metodolohiya na makatutulong upang mapakilos ang mga estudyante tungo sa pagtugon at pagkatuto. Ang pagpapahalaga sa mga tinuturuang estudyante ang batayan sa pagpili at paghahanda ng mga metodolohiyang magagamit upang makipag-ugnayan sa mga tinuturuan.

Estratehiyang Ginamit

Ang mga estratehiya sa pagtuturo ay may malaki at mahalagang tungkulin sa pagbibigay ng gabay sa guro upang ang mga kaalamang nakapaloob dito ay maihatid patungo sa mga estudyante na mas madali at mas kawili-wili ang kalidad ng gawain.

Inilahad sa talahanayan 3 ang mga datos na nakalap tungkol sa estratehiya sa pagtuturo ng mga gurong Filipino na hindi Filipino medyor na ginamit sa pagtuturo upang makamit ang nais na mga layunin ng pagkatuto.

Ang lahat ng mga estratehiya sa pagtuturo ay natagpuang mabisa sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Gayunpaman ang nangungunang tatlong mga estratehiya na napatunayang epektibo ay pawang nakapokus sa pagkatuto

Talahanayan 3 Estratehiyang Ginamit ng Gurong Hindi Filipino Medyor

Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino	Weighted Mean	Deskripsyon
1. Hinihikayat ng guro na makilahok sa talakayan ang mga mag-aaral.	4.32	Mae Epektibo
2. Tinatama ang mga mali ng mag-aaral sa positibong paraan.	4.32	Mas epektibo
3. Hinihimok ang bawat mag-aaral na ipahayag nang malaya ang kanilang mga saloobin at nararamdaman.	4.27	Mas Epektibo
4. Tinutulungan ng guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng tiwala at kompanyansa sa sarili.	4.16	Mas Epektibo
5. Binibigyang-linaw ng guro ang mga katanungan ng mga mag-aaral.	4.14	Mas Epektibo
6. Nagbibigay ng sapat at konkretong halimbawa upang lumikha ng mga makabuluhang karanasan sa pagkatuto.	4.11	Mas Epektibo
7. Binibigyan ng guro ang mga mag-aaral ng pagkakataong magamit ang mga bagong kaalamang natotohan sa mga sitwasyon sa totoong buhay.	3.96	Mas Epektibo
8. Binibigyan ng pagkilala ang mabubuting gawa ng mga mag-aaral.	3.92	Mas Epektibo
9. Bibigyan ng guro ang mga mag-aaral ng pagkakataong makabuo ng mga bagong konsepto.	3.86	Mas Epektibo
10. Sinasanay ng guro ang kanyang mga mag-aaral na matukoy ang layunin na nais nilang makamit sa talakayan.	3.73	Mas Epektibo

Ranges for Weighted Mean (WM): 4.21-5.00 = Higit na Epektibo; 3.41-4.20 = Mas Epektibo; 2.61-3.40 = Epektibo; 1.81-2.60 = Hindi Epektibo; 1.00-1.80 = Higit na Hindi Epektibo

ng mga estudyante. Ang bawat mag-aaral ay dapat na udyukin at hikayatin na lumahok sa talakayan sa klase (WM=4.32). Ang mga mag-aaral ay binibigyan ng mga pagkakataon na ipahayag ang kanilang sarili, o dapat marinig (WM=4.27). Ang pakikilahok sa talakayan sa klase ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng mga pagkakataon na paunlarin ang kanilang mga kasanayan sa pagsasalita, at mag-isip ng kritikal tungkol sa mga napapanahong mga isyu. Ang pagkilala sa ideya at opinyon ng mga estudyante ay maaaring makapagbigay sa kanila ng kumpiyansa sa sarili at ang pagkakaroon ng malikhaing pag-iisip. Kaya't ang mga puna ng guro ay napakahalaga sa mga estudyante (WM=4.32) lalong-lalo na ang mga positibong puna o fidbak. Ito ay magbibigay sa mga estudyante ng ideya sa kung paano sila nagiging patas sa klase, at ito ay maaaring mag-udyok sa kanila na magsumikap at gawin ang mga gawaing nakaatas sa kanila sa abot ng kanilang makakaya.

Ang huling tatlong estratehiya na napag-alamang mabisa ay kapag binigyan ng mga guro ng pagkakataon ang mga estudyante na bumuo ng kanilang sariling mga konsepto (WM=3.86) kung ano

ang dapat gawin at kung paano ito gagawin. Kapag ang mga estudyante ay binigyan ng kalayaan na pumili kung paano nila makakamit ang mga bagay, ito ay nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na mag-isip ng malalim at kahit papaano ay malinang ang kanilang pagkamalikhain. Higit pa kung ang kanilang mabubuting gawa ay kinikilala ng guro ($WM=3.92$). Ang isa pang estratehiya ay upang gabayan ang mga mag-aaral kung paano makilala ang mga layunin na nais nilang makamit ($WM=3.73$). Kapag natukoy ng mga mag-aaral ang mga layunin na nais nilang makamit, maaari silang lumikha ng tamang direksyon na susundin. Magagabayan sila ng kanilang mga layunin sa mga gawain na gagawin nila.

Ayon kay Benavides (2006) kung ikaw ay isang guro kinakailangan mong humanap o pumili ng iba't ibang estratehiya upang makamit ang tinatawag na mastered lebel ng mga mag-aaral. Kinakailangan ding gumamit ng iba't ibang estratehiya batay sa lebel ng kakayahan at istilo ng pagkatuto ng mga estudyante.

Ugnayan ng Propayl sa Metodolohiyang Ginamit

Ang ugnayan ng propayl sa metodolohiyang ginamit ay natutungkol sa relasyon ng mga ito sa bawat isa. Inalam kung ang propayl ay may kaugnayan ba sa metodolohiyang ginamit ng guro Filipino na hindi Filipino medyor. Napag-alaman na may makabuluhang kaugnayan ang propayl ng mga guro sa metodolohiyang kanilang ginamit. Ibig sabihin nakaiimpluwensiya ang propayl ng guro sa metodolohiyang kanyang ginamit. sa pagtuturo. Sa kabila ng pagiging iba ng asignaturang kanyang itinuturo sa asignaturang kanyang napag-aralan naiaangkop pa rin niya ang kanyang metodolohiyang ginamit. At nagagawa rin niyang maging matagumpay at epektibo sa kanyang pagtuturo

Matutunghayan sa talahanayan 4 ang mga datos na nakalap tungkol sa ugnayan ng propayl ng guro sa metodolohiyang ginamit sa pagtuturo.

Ang propayl ng mga guro hinggil sa kanilang kurso, taon ng pagtuturo at edukasyong natamo ay lahat na nauugnay sa kanilang mga metodolohiya sa pagtuturo.

Kurso at Metodolohiya sa Pagtuturo. Ang mga kurso ay nahahati sa mga programang BSEd (Bachelor of Secondary Education, BTE (Bachelor of Technology Education at BS (Bachelor of Science) nagkaroon ng *crosstabulation* sa pagitan ng pagiging epektibo ng mga metodolohiya sa pagtuturo. Inilalahad na ang mga kurso ay nauugnay sa pagiging epektibo ng mga metodolohiya sa pagtuturo ($X^2 =$

15.73, $p=.003$). Ang mga guro ng pagtatapos ng kursong BSEd ang nakakuha ng mas mataas na antas ng

Talahaan 4 Ugnayan sa Pagitan ng mga Guro: Propayl at Metodolohiya sa Pagtuturo

Pair Variables	Computed Chi-square	p-value	Desisyon	Interpretasyon
Kurso at Metodolohiya	15.73	.003	Reject Ho	Makabuluhan
Taon ng Pagtuturo at Metodolohiya	10.07	.020	Reject Ho	Makabuluhan
Edukasyon at Metodolohiya	6.93	.002	Reject Ho	Makabuluhan

pagiging epektibo kaysa sa mga guro ng pagtatapos ng kursong BTE at BS. Maaaring magkaroon silang magkatulad na lebel ng pang-unawa sa pagiging epektibo ng mga metodolohiya ngunit nagkakaiba ito sa halaga ng mga kursong kanilang natapos. Inihahayag nito na ang mga kurso ng mga guro ay may kaugnayan sa mga pagpapasya ng guro sa pagsasakatuparan ng mga metodolohiyang pagtuturo.

Taon ng Pagtuturo sa Metodolohiya sa Pagtuturo. Ang mga guro na may mahabang karanasan sa pagtuturo ay may mas malawak na pang-unawa sa pagiging epektibo ng mga metodolohiya sa pagtuturo ($X^2 = 10.07$, $p=.020$). Ang haba ng karanasan sa pagtuturo ay nakapagbibigay ng higit na epekto sa nakamit ng mag-aaral sa paksang tinalakay. Nagkaroon ng kabisaan ang metodolohiya sa pagtuturo kapag paulit-ulit itong ginamit sa pagtalakay sa iba't ibang paksa. Napaghahambing ng guro ang mga ito kung sa anong paksa ito mas mainam na gamitin. Samaktuwid, ang haba ng karanasan sa pagtuturo ay nakakatulong sa pagpapasya sa pagiging epektibo ng isang metodolohiya. Naniniwala rin sila na ang haba ng kanilang karanasan ay nagpapakita ng kanilang pagiging handa sa larangan ng pagtuturo.

Edukasyong Natamo at Metodolohiya sa Pagtuturo. Ang isang guro ng pagtatapos na edukasyong natamo, mas malawak ang kanilang pang-unawa sa pagiging epektibo ng metodolohiya sa pagtuturo. Inihahayag ng resulta na ang edukasyong natamo ng mga guro ay nauugnay sa pagiging epektibo ng estratehiya sa pagtuturo ($X^2 = 6.93$, $p=.002$). Marami sa mga guro ang pinagpatuloy ang kanilang pag-aaral sapagkat naniniwala silang ito ay makatutulong sa kanila hindi lamang para maingat ang kanilang pusisyon o sahod kundi pati na rin ang kalidad ng kanilang pagtuturo. Sa kanilang pag-aaral marami silang natuklasang mga metodolohiya sa pagtuturo na nakaambag ng malaki sa kanila upang mapagaan, mapadali at mapabisa ang pagtuturo at pagkatuto ng kanilang mga estudyante. Ang edukasyong natamo ng mga guro ay nagpapakita ng positibong kaugnayan sa mga estudyante sapagkat mas umaangat ang kanilang paghanga sa mga ito. Nakatutulong din ang pagkuha ng masteral o doctoral

upang mas malinang pa ang kakayahan ng guro sa pagtuturo.

Sinabi ni Badayos (1999) na binaggit ni Tamarra (2012), ang mga pagpapalano o paghahanda ng metodolohiya sa pagtuturo ay ekstensyon ng katauhan at istilo ng isang guro. Mahalaga ang pagpapalano sa metodolohiyang gagamitin sa pagtuturo at dapat isinasagawa ito ng lahat ng guro. Bago pumasok sa silid-aralan ang isang guro, taglay na niya ang mga ideya kung paano tuturuan ang kanyang estudyante. Kaya lang, ang proseso ng pagpapalano, pagbabalak ng mga gawain at ang metodolohiya ng guro kung paano ito ituturo sa mga mag-aaral ay nagkakaiba-iba ayon sa oryentasyon at paniniwala ng isang guro. Bawat guro ay may sariling paniniwala kung paano ang mabisa at epektibong paghahatid ng pagkatuto sa mga estudyante.

Ugnayan ng Propayl sa Estratehiyang Ginamit

Ang ugnayan ng propayl sa estratehiyang ginamit ay tumutukoy sa kaugnayan ng propayl ng gurong sa estratehiyang kanyang ginamit sa tuwing nagkakaroon siya ng talakayang pangklasrum. Aalamin kung may relasyon ba ang propayl sa estratehiyang kanyang ginamit sa pagtuturo. Napag-alaman na ang propayl ng guro ay may makabuluhang kaugnayan sa estratehiyang ginamit niya sa pagtuturo.

Inilahad sa talahanayan 5 ang mga datos na nakalap tungkol sa ugnayan ng propayl ng guro sa estratehiyang ginamit sa pagtuturo. Ang propayl ng mga guro hinggil sa kanilang kurso, taon ng pagtuturo at edukasyong natamo ay lahat na nauugnay sa kanilang mga estratehiya sa pagtuturo.

Kurso at Estratehiya sa Pagtuturo.

Ang mga kurso ay naka-code sa

tatlong mga kurso na itinuro sa Filipino, Matematika at Science at iba pa, at ang *crosstabulation* ay ginawa sa pagitan ng pagiging epektibo ng mga estratehiya sa pagtuturo. Inihayag ng mga resulta na ang mga kurso ay nauugnay sa gumagamit ng wikang Filipino ang nakakuha ng mas mataas na antas ng

Talahayan 5 Ugnayan sa Pagitan ng mga Guro: Propayl at Estratehiya sa Pagtuturo

Pair of Variables	Computed Chi-square	p-value	Desisyon	Deskripsyon
Kurso at Estratehiya	25.18	.003	Reject Ho	Makabuluhan
Taon ng Pagtuturo at Estratehiya	14.98	.020	Reject Ho	Makabuluhan
Edukasyong Natamo at Estratehiya	16.79	.002	Reject Ho	Makabuluhan

pagiging epektibo kaysa sa mga gurong nagmemedyor sa Matematika at Science. Maaari silang magkaroon ng parehong antas ng pang-unawa sa pagiging epektibo ng mga estratehiya, ngunit magkakaiba ang mga ito sa mga halaga ng tatlong grupo. Ipinapakita nito na ang mga kurso ng mga guro ay may kinalaman sa mga desisyon ng guro sa pagpapatupad ng mga estratehiya sa pagtuturo dahil naiiba sila sa pinaghihinalaang pagiging epektibo ng mga estratehiyang ito.

Taon ng Pagtuturo sa Estratehiyang

Ginamit. Ang mga guro na may higit na bilang ng taon sa pagtuturo ay may mas mataas na pang-unawa sa pagiging epektibo ng mga estratehiya sa pagtuturo ($X^2 = 14.98$, $p=.020$). Ang karanasan sa pagtuturo ay positibong nauugnay sa mga nakamit ng estudyante sa kabuuan ng karera ng isang guro. Ang pagiging epektibo ng isang estratehiya sa pagtuturo ay nasusukat sa haba ng taon ng pagtuturo, habang nadaragdagan ang kanyang karanasan ay napatutunayan niya sa kanyang sarili ang pagiging epekto nito. Habang nagkakaroon ng mataas na karanasan ang mga guro, ang kanilang mga estudyante ay hindi lamang natututo kundi mas malaki rin ang posibilidad na gumawa sila ng mas mahusay sa ikatatagumpay ng kanilang mga pangarap.

Edukasyong Natamo at Estratehiya sa

Pagtuturo. Kung mas mataas ang edukasyong natamo, mas mataas ang kanilang pang-unawa sa pagiging epektibo ng mga estratehiya sa pagtuturo. Inilahad ng resulta na ang edukasyong natamo ng mga guro ay nauugnay sa pagiging epektibo ng estratehiya sa pagtuturo ($X^2 = 16.79$, $p=.002$). Halos lahat ng guro ay nagpapatuloy sa kanilang pag-aarala sa masteral degree sapagkat naniniwala silang ang pagpapatuloy ng pag-aaral ay nakatutulong sa kanila upang mas maintindihan at malaman ang mga angkop na estratehiyang gagamitin sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. May iilan sa kanila ang hindi naipagpapatuloy ang pag-aaral dala ng ang iba ay nalilito sa kung ano ang kukunin nilang medyor ang Filipino o di kaya'y ang kanilang natapos na kurso. Ngunit ganun pa man kakikitaan pa rin ng pagiging epektibo ng estratehiyang kanilang ginamit sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Ayon nga kay Mckenchie (2006) sa kanyang aklat na "Teaching Tips", ang angkop na kasagutan

sa tanong na "What is the most effective strategies of teaching?" ay nakadepende sa layunin, sa estudyante, sa guro at sa paksang aralin. Batay sa mga pag-aaral na isinagawa na nagkakaroon ng mga pagsasanay ang mga guro upang malaman kung alin sa mga estratehiyang ito ang pinakamabisa sa lahat. Subalit kahit ano pa man ang estratehiya ang gamitin mahalaga pa rin na malaman na ito ay dapat akma sa istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. At mahalaga rin na marunong ang mga guro na maisakatuparan ang kanyang layunin sa paraang hindi maisasantabi ang kakayahan, interes at lebel ng kahandaan ng mag-aaral.

V.CONCLUSION AND RECOMENDATIONS

Sa pagkakaalam sa propayl ng mga gurong hindi Filipino medyor ay nalaman na may kakayahan ang mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa kabila ng pagiging iba nito sa asignaturang pinag-aralan. Ang gurong nagtuturo gamit ang wikang Filipino bilang midyum sa pagtuturo ay kakikitaan na mas madali para sa kanila ang magturo ng asignaturang Filipino kumpara sa mga gurong nagtapos ng Matematika at Siyensya.

Ang metodolohiyang patalakay ay epektibo na ginamit dahil nagbibigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na mahanap ang kanilang sariling kakayahan sa pag-unawa at pagkatuto. Tumataas din ang kanilang kawilihan tuwing nagkakaroon ng talakayan sa klase. Makikita sa mga estudyante ang kanilang pagkawili na makinig at makisangkot sa talakayan. Ang estratehiyang ginamit naman ay epektibo dahil ito ay mahalagang sangkap na nagaganahan makisangkot sa talakayan ang mga estudyante kapag ang kanilang mga sagot ay napapahalagahan ng mga guro. Naipapakita nila ang kanilang kasanayan at kakayahan sa asignaturang Filipino. Naipapamalas nila ang kanilang pagiging malikhain sa mga gawaing iniatas sa kanila. Ang ugnayan ng propayl ng guro sa metodolohiyang kanyang ginamit ay nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan. Nakatutulong ang propayl ng guro at metodolohiya na maingat ang kalidad ng kanyang pagtuturo. Nagkakaroon ng katuparan ang bawat layunin na inilatag niya sa paksang tatalakayin. Habang ang ugnayan ng propayl ng guro sa estratehiyang kanyang ginamit ay may makabuluhang kaugnayan. Nalalapatan ng angkop na estratehiya ng guro ang pagtuturo ng asignaturang Filipino kung saan nasusukat ang iba't ibang uri ng pagkatuto ng mga estudyante.

Ang mga gurong hindi Filipino Major ay may kakayahang magturo ng Filipino na may sapat na kaalaman, kapasidad, kasiglahan at kasanayan sa paggamit ng iba't ibang estratehiya na nakatutulong sa kanyang pagtuturo ng asignaturang Filipino sa pagpapaunlad ng pagkatuto ng kanyang mga estudyante. Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na makatulong sa pamamagitan ng sumusunod na rekomendasyon: Ang guro sa Filipino ay dapat magpatuloy sa kanilang pag-aaral sa masteral at doctoral sapagkat nakatutulong ito upang lalong luminang ang kalidad ng kanilang patuturo, magkaroon ng mga iskolarship para sa mga guro upang makapagpapatuloy sila sa kanilang pag-aaral at maingat ang kanilang propesyon bilang guro.pagsasanay ang mga guro, gumamit ng pamamaraang patalakay sapagkat dito nailalahad ng mga estudyante ang kanilang sariling ideya at opinyon at nagaganahan silang makisangkot sa talakayan lalo na kapag ang kanilang sagot ay pinakikinggan ng guro at ang guro ay dapat gumamit ng iba't ibang estratehiya na makapagpapataas ng antas ng kawilihan ng mga estudyante. Ang estratehiyang ito ay dapat na angkop sa kakayahan, interes, lebel at istilo ng pagkatuto ng bawat estudyante.

REFERENCES

- [1]Allen, T., & Reeson, C. (2009),Active participation: ensuring student engagement.Retrieved on August 29, 2019 from <http://beyondpengulns,ehe,osu.edu/lssue/polar-oceans/active-participation-ensuring-student-engagement>.
- [2]Badayos, Paquito B. (2008). Metodolohiya sa Pagtuturo at Pagkatuto/sa Filipino. Mga Teorya, Simulain at Estratehiya. Malabon City; Mutya Publishing House.
- [3]Barberos, M. T., Gozalo, A. & Padayogdog,E.(2018). The effect of the teacher's teaching style on students' motivation action research –research – nyu Steinhardt Retrieved on August 29, 2019 from <https://steinhardt.nyu.edu/teachlearn/research/action/motivation>.
- [3]Belvez, Paz M. (2005). Ang Sining at Agham ng Pagtuturo. Sta. Mesa Heights, Lungsod ng Quezon: Rex Printing Company, Inc.
- [4]Bullock, S., & Russell, T. (2010). Does teacher education expect too much fromfield

experience? In T. Falkenberg & H. Smits (Eds.), *Field experiences in the context of reform of Canadian 18 teacher education programs* (2 vols., pp. 91-100). Winnipeg, MB: Faculty of Education of the University of Manitoba.

[5] Childs, A., & McNicholl, J. (2007). Science teachers teaching outside of subject specialism: challenges, strategies adopted and implications for initial teacher education. *Teacher Development*, 11(1), 1-20.

[6] Corpuz, B. B. at Salandan, G. G. (2015). *Principles of Teaching*. Lorimar Publishing Inc. Quezon City: Metro Manila. *Journal of Teacher Education*, 61(1-2), 35-47.

[7] De Juan, G. (2013). Mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Retrieved on August 29, 2019 from <https://filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/mga-suliranin-ng-mga-guro-sa-pagtuturo-ng-filipino/>.

[8] Doria, Ethel S. 2000. Epekto ng total physical response-story telling sa kakayang komunikasyon ng mga mag-aaral sa unang taon sa hayskul ng Divine Word College.

[9] Fernandez, et al., (2010). Mga salik sa epektibong pamamaraan ng pagtuturo sa asignaturang Filipino sa mataas na paaralan ng Polompon Institute of Technology Polompon, Leyte. Retrieved on August 29, 2019 from <https://www.slideshare.net/lourlse/research-paper-in-filipino>.

[10] Gagne, R. et. al (2005). *Principles of Instructional Design* (5th edition). California: Wadsworth.

[11] Henderson, James G. 1996. "Positioned Reflective Practice: A Curriculum Discussion", *Journal of Teacher Education*, (March-April 1989), 10-14. Retrieved on September 5, 2020 from https://www.researchgate.net/publication/304119354_Learning_and_Teaching_theories_Approaches_and_Models

[12] Huevos, Margie M. (2015). *Laro: Isang Estratehiya sa Pagtuturo ng Numeracy*. Sorsogon State College, Sorsogon City.

[14] Kizlik, B. (2012). *Measurement, Assessment and Evaluation in Education*. Retrieved on August 30, 2020 from <http://www.sciepub.com/reference/103421>

[15] Lawton (2013). *Teaching strategy*. Retrieved on August 20, 2020 from <http://www.studylecturenotes.com/curriculum-instructions/what-is-teaching-strategy-definition-meaning>

[16] Piaget, J. (1980). The psychogenesis of knowledge and its epistemological significance. In M. Piattelli-Palmarini (Ed.), *Language and learning* (pp. 23-34). Cambridge, MA: Harvard University Press

[17] Luntin, M, A. (2018). Epekto ng Kolaborasyon ng mga Asignatura sa Akademikong Pag-aaral ng Grade 11 STEM sa Fidelis Senior High School.

[18] Tindugan, Susan M. (2014). *Kaangkuhan at Kabisaan ng mga Mungkahing Estratehiya sa Pagtuturo ng mga Tekstong Letirari sa Antas Tersarya. Pamantasang Bikol. Paaralang Gradwado, Lungsod ng Legazpi*.

[19] Ursolino, E (2012). Retrieved on October 30, 2019 from <https://elmerursolino.wordpress.com/2012/11/19/constructivism/>

[20] Villafuerte, P (2015) *Estratehiya sa pagtuturo*. Retrieved on August 21, 2020 from <https://www.slideshare.net/MilaSaclauso/mga-estratihiya-sa-pagtuturo-ng-filipino-milagros-m-saclauso-lala-national-high-school>